

Chapter One



“E J, tikman mo nga ’to,” wika ni Gary kay Elliot Jake Mendoza. Halos isubo na nito ang isang piraso ng in-order na pizza na nilagyan ng maraming sauce.

Tinabig ng treinta años na binata ang kamay ng kanyang pinsan. Tiningnan niyang mabuti ang slice ng pizza na may sauce nang magkasalubong ang mga kilay niya. Kinuha niya iyon saka kumagat. Nag-iba ang ekspresyon ng mukha niya nang matikman iyon.

Tumangu-tango siya habang ngumunguya. “Mmm... Sharap, ah.”

Ngumisi pa ang kanyang kasing-edad na pinsan sa side ng ama. Kumuha rin ito ng isang

piraso sa pizza box na nakapatong sa kanyang desk. Naroon silang magpinsan sa opisina niya ngayon.

“Ano ang masarap? Ang pizza o ang sauce?” anito.

Napaisip pa siya nang saglit. “Sauce ang nagpapasarap sa pizza na ’to, di ba?”

Lumapad ang ngisi ni Gary. “Since nasasarapan ka niyan, irerekomenda ko sa ’yo ang taga-gawa niyan. Tamang-tama. Bago ang product niyang sauce na ito at bago ang fast food chain na i-o-open mo next week.”

Napataas pa ang kilay ng binata habang kumakain ng pizza. “Local?” Umupo siya sa kanyang swivel chair. Tiningnan niya ang box ng pizza, pero wala iyong kasamang package ng ka-partner na ketchup. Sa halip ay nakita niya ang maliit na ketchup dispenser bottle. *Ketchup and Sauce Inc.* ang label na nakalagay roon. Hindi kilalang brand.

“Yes. Kilala ko ang may-ari.” Napaiwas pa ito ng tingin.

Napatitig siya rito. “Kilala mo ang may-ari? Tekang lang, babae ba ang may-ari nito?” Inabot niya ang box na nasa isang tabi ng kanyang desk at kumuha ng tissue. Pinunasan

na niya ang kamay gamit iyon.

Ngumisi ang pinsan niya. Nagpatuloy ito sa pagkain ng pizza. Napatawa pa siya nang marahan at napailing.

“Girlfriend mo ba ang babaeng ’yon? At gusto mong bigyan ko ng break sa bubuksan kong fast food chain?” Napasandal si EJ sa swivel chair niya. Itinapon niya ang tissue paper sa basurahan na parang isang bola ng basketball na ini-shoot sa hoop. Pasok.

“Ikaw na rin ang may sabing masarap, eh, di ba? Bakit hindi mo subukan?”

“Huh! Subukan? Teka lang, Gary. Hindi eksperimento ang fast food chain na itinatayo ko, ah. Baka first day pa lang ay lalangawin na iyon!” Pinukulan niya ito ng masamang tingin.

Kalmanteng kumuha rin ng tissue ang kanyang pinsan sa box of tissue para punasan ang bibig at ang mga kamay.

“Ano’ng gusto mo? Mag-repack gamit ang branded ketchup o sauce? That will cost you more, not to mention time and effort. On the other hand, kapag ito ang bibigyan mo ng contract para maging ketchup o sauce supplier mo, you can just demand anything. I mean, anything!”

Napaisip si EJ sa sinabi ng kausap niya. May punto rin ito tungkol sa cost efficiency. Importante ang bagay na iyon dahil mapapabilang iyon sa puhunan. As much as possible, dapat na maulan iyon kahit paano.

Nagkatitigan sila. Hinawakan ni Gary ang maliit na ketchup dispenser bottle at parang banderang iwinagayway.



Halos mapatili si Gwendolyn Amaya nang marinig ang magandang balita mula kay Gary. Tumawag ito sa kanya sa cell phone.

Kasalukuyang nagmamaneho siya ng kanyang secondhand mini-van sa parking lot ng isang mall. Tuwang-tuwa siya at may posibilidad na magkakaroon siya ng bagong customer na pagsu-supply-an ng sariling gawang sauce at ketchup.

Tinutulungan siya ng kanyang mga kapatid at mga magulang sa maliit pa nilang negosyong ito. May ilan na rin silang napasukang grocery stores, karinderya at tindahan sa kanilang barangay at ilang kalapit-barangay. Pero ibang level naman ang fast food chain kapag nakuha nila ang kontrata sa tulong ni Gary.

“Angel talaga kita, Gary!” sabi pa niya sa

binata. “Salamat talaga, ha?”

May nakita siyang papalabas na kotse sa isang parking slot at naisip niyang doon na pumalit sa puwesto niyon.

“Pasalamat ka kapag may pinirmahan ka nang kontrata,” pagtutuwid nito. Na-i-imagine pa niyang nakangisi ito ngayon. Palangisi kasi ito. Saka nagpaalam na ang kaibigan.

Tinapakan niya muna ang brake. Inilagay niya sa passenger seat ang cell phone kaya saglit na nawala ang paningin niya sa harap. Naramdaman na lang niyang yumanig ang kanyang sasakyan.

Nagulat siya dahil doon. At nanlaki ang mga mata niya nang umatras pala ang kotseng palabas.

“Ang sasakyan ko!” maang na sabi niya sa sarili. Inis na tiningnan niya ang lalaking lumabas sa unahang sasakyan.

Sinilip nito ang likurang bahagi ng kotse nito nang nakapamaywang. Pagkatapos ay napatingin ito sa kanya nang direkta. Sumenyas itong lumabas siya.

Inis naman siyang lumabas ng kanyang sasakyan. Sinalubong pa siya nito. Nakasuot ito ng formal clothes—jacket, long sleeves, kurbata

at slacks kahit mainit ang panahon. Sumisigaw ang suot nito na isang office executive ang dating.

“Bakit ka ba nakadikit sa likuran ko, ha?” bulyaw nito kaagad sa kanya. Ang lalaki ay matangkad, moreno, may matipunong katawan at guwapo. Matangos ang ilong nito, ang mga kilay ay hindi kakapalan, medyo mapupula ang labi, at magagandang mata.

Sa ibang pagkakataon siguro ay agad siyang mapahanga sa magandang lalaking ito.

“Excuse me? Tumigil ako, ano! Ikaw ’tong umatras lang nang basta, eh!” pasigaw ring tugon niya.

“Bakit ka naman tumigil? Masikip na nga dito. May naipit na sasakyan doon sa unahan ko kaya umatras ako. Hindi mo ba nakita ’yon?”

Napamaang si Gwendolyn. Kasalanan pa niya ngayon na hindi niya iyon nakita? Napahawak siya sa likod ng leeg niya. Medyo nakalog kasi siya kanina sa pagkabunggo nito sa mini-van niya.

“Kung nakita mong may naipit pala doon, bakit ka pa dumagdag sa sikip?” inis na balik niya. “Nang makita kitang umalis, siyempre natural lang na ako sana ang papalit sa iiwanan mong puwesto. Hindi ko na aakalaing aatras ka pa dahil umalis ka na nga, di ba?”

Napahigit pa ito ng hangin. “Just give me your number,” anitong nagmuwestra pa.

Aba, demanding! naisip pa niya. “Ano? Huh! Linya mo ba ’to para makuha ang number ko, ha?”

Napasimangot itong pinasadahan siya ng tingin.

Inalala niya ang kanyang suot na jeans at simpleng t-shirt na pinaresan ng sneakers. Siguro nangingintab na ngayon ang mukha niya sa maghaponing pagde-deliver at siguro may ilang hibla na rin ng buhok niyang nakatakas sa pagkaka-ponytail. Nandito pa naman siya sa mall para bumili ng regalo para sa kanyang inang may birthday kinabukasan.

“Wow! Naisip mo pang interesado ako sa ’yo sa lagay mong ’yan?” At saka sinulyapan nito ang kanyang secondhand mini-van na parang minamata.

Siya naman ngayon ang napamaywang. “Huh! Hindi ka na tanga, mapangmata ka pa sa kapwa mo. Wow! Hindi ako makapaniwala na makakatagpo ako ng isang katulad mo sa araw na ’to, ah!” Bumuga siya ng hangin dahil sa inis.

“Calling card mo ibigay mo na sa ’kin. Tatawagan na lang kita kapag may nakitang sira

ang mekaniko ko.”

Nilampasan ng dalaga ang kausap para inspeksyunin ang sasakyan nito. Wala iyong sira o gasgas man lang. Bumper lang nito at ang bumper niya ang nagkabunggo at magkadikit ngayon. Pumihit siya sa lalaki at sumenyas na maghintay. Kinuha niya ang cell phone at saka kinunan ng picture ang itsura ng kanilang mga sasakyan, pagkuwa’y kinunan niya rin ng picture ang mukha nito.

“A-ano ’yong ginawa mo?” reklamo nito pagkatapos niyang makunan ito ng larawan.

“Huh! Ebidensya kung saka-sakali.”

Kinunan niya ng larawan mula sa harapan ng kotse nito pati na ang sasakyan niya sa anggulong iyon. Inis pa rin itong nakatingin sa kanya at sa ginawa niya. May ilang nakiusyuso na sa paligid nila. Pero hindi nila alintana ang mga iyon.

“Alam mo bang masakit pa ang leeg ko? Pagbabayaran talaga kita kapag may injury ako, loko ka!”

“What?” Hindi ito makapaniwala sa narinig mula sa kanya.

“Kaya ako ang manghihingi sa ’yo ng number mo para tawagan kita dahil *ikaw* ang magbabayad ng medical bills ko!”

Inis na kinuha ng binata ang pitaka sa bulsa nito at iniabot iyon sa nakalahad na kamay ng dalaga. “Now, give me yours.”

Napaisip siya. Wala naman sigurong masama kung ibigay niya ang kanyang number. Wala pa kasi siyang calling cards na napagawa. Isinulat na lang niya sa likod ng isang resibo ang kanyang numero at ibinigay iyon sa lalaki.

“Pangalan mo?” anito nang makitang numero lang ang isinulat niya roon.

Itinaas niya ang kilay. “Iyan na ang number ko. Hindi mo na kailangang malaman ang pangalan ko.”

“What? Kapag kailangan ko ng referral para sa insurance, kailangan ang pangalan mo. Isa pa, baka magpalit ka ng SIM card.”

Napaismid pa siyang napaikot ng mga mata. “Hindi ako manggogoyo, ano!” Pahablot niyang binawi ang resibo at isinulat ang pangalan niya roon pati apelyido.

“Gwendolyn?” anitong binasa ang first name niya.

“Elliot?” aniyang binasa rin ang calling card nito.

Huh! Ka-rhyme ng idiot ang pangalan niyang Elliot! Bagay na bagay, nang-uuyam na sabi ng

isipan niya.

Napabaling sa unahan ang babae. Mukhang ayos na at ang mga kotse na lang nila ang nasa gitna ng aisle kung saan puwedeng makatakbo ang sasakyan ng single lane. Ang mga tao ay bumalik na rin sa kani-kanyang gawain. Mukhang nakuha na ng mga ito na tapos na ang eksena nilang dalawa ng estrangherong ito.

Sinulyapan niya itong muli. “Makakaasa kang tatawag ako sa ’yo... Elliot.”

Binigyan lang siya nito ng isang masamang tingin at lumulan na sa kotse nito nang walang paalam. Pinasibad na nito ang sasakyan habang napasunod dito ng tingin ang dalaga.



“Kumusta ang delivery? Tinulungan ka ba nilang magbuhat ng mga boxes?” tanong ni Mang Ipe, ang kanyang ama, nang dumating na si Gwendolyn sa bahay nila.

Ipinatago niya rito kaagad ang regalong ipinabalot para sa kanyang ina. Nakalagay iyon sa isang paper bag at galing sa kanilang lahat. Nagchip in sila ng kanyang dalawang kapatid at ama.

“Opo, ’Tay. Mababait naman ’yong mga kargador d’on sa grocery ni Aling Bebang.”

“Siyanga pala, dumaan dito kanina si Gary.”

“Ah, nakausap ko po siya kanina. Tumawag sa ’kin, ’Tay.” Tumango pa siya nang makuha ang nais sabihin nito.

Napangiti ito at inakbayan siya. “Sana makuha natin ang kontrata na ’yon, anak. Alam mo namang kailangang operahan ng inay mo sa cataract niya. Gastos din ’yon. Iyong pension ko, kasya lang sa ilang bills at pagkain natin.” Nag-early retirement ang ama niya dahil nagbawas ng may-edad na mga empleyado ang kompanya ng gatas na pinagtrabahuhan nito ng maraming taon.

Tumango naman ang beinte-tres años na dalaga. “Alam ko po, ’Tay. Pandagdag din ang kita ng *Ketchup and Sauce Inc.* natin.”

“O, halina, kain na tayo. Dumating na si Gwen, di ba?” mula sa kusina ay tawag ng ina niyang si Aling Nona.

Nagsibabaan ang Kuya Greg at Ate Grace niya. Sumunod na silang mag-ama sa mga ito. At habang kumakain sila ay naikuwento pa niya ang nangyari kanina sa parking lot ng mall.



Natigilan si EJ nang makitang naghihintay sa living room ng bahay niya ang kanyang ama. Nahulaan niyang pinapasok ito ni Yaya Nora na

siyang tumutulong sa kanya sa bahay.

“Nandito ka sa bahay ko,” matabang na wika niya sa ginoo. Hinubad niya ang jacket at niluwagan ang kurbatang suot.

“Do you really think you’re going to succeed?” Tumayo ito mula sa kinauupuang mahabang sofa. “Bakit ba ang tigas ng ulo mo, EJ?”

“Hindi ako babalik sa kompanya mong bulok, Dad. Just... get over it!” inis na tugon niya.

Nakita niya ang lalong pagsimangot sa mukha nitong nakatingin sa kanya. “A fast food chain? Really? Iyan ang naisip mong unang itayo pagkahiwalay mo sa *Mendoza Group*?”

“I swear, I’ll make it work,” tiim-bagang na turan niya. Napakuyom pa siya ng mga palad.

“You can’t do anything on your own, EJ. Babalik ka rin sa *Mendoza Group*. Doon ka lang nababagay. Tandaan mo ’yan.” Iniwan na siya nito pagkasabi niyon.

Napakurap-kurap siya. Sinulyapan niya ang amang ibinalibag ang pinto pasara nang makalabas na ito. Sinikaran niya ang sofa sa galit. Lagi na lang siyang minamaliit ni Mr. Mendoza. Lagi na lang siyang tinatrato nitong parang isang batang paslit.

Chapter Two



“O, nakapagpasya ka na ba para sa sauce at ketchup supplier mo? Ilang araw na lang opening na,” kulit pa ng pinsan niyang si Gary. Nasa opisina na naman niya ito.

Napatingin siya rito nang tila nababato. “I’ve already contacted someone para sa bagay na ’yan. Magmi-meet kami mamaya.”

“EJ, ’yong kakilala ko nga ang mas bagay sa itatayo mong fast food chain. Kahit baguhan pa lang sila, may maibubuga talaga. At kung papeles ang pag-uusapan, pasado na sila sa FDA at may lisensya. So, wala kang problema kapag quality at sanitation ang pag-uusapan.”

Napabuntong-hininga ang binata. “Fine. But

I still have to meet that owner and inspect their place.”

Napangiti nang malawak ang pinsan niya. “Great! Sasabihin ko sa kakilala ko at nang makapaghanda.”

Napataas pa siya ng kilay. “Handa? Para saan?” nagdududang sabi niya sa pinsan.

“Sa... meeting n’yo. Kung anong oras at anong araw. Baka may gagawin siya.”

Nananantiyang tumingin siya kay Gary. Pero hindi na siya nagsalita. Ipinagpatuloy na lang niya ang pag-review ng ilang dokumento at may pinirmahan.

“Siyanga pala, may nabangga ka ba o ano? Napansin kong medyo may gasgas ’yong kotse mo,” pag-iiba nito ng usapan.

Napataas pa siya ng kilay. “Meron ba? Hindi ko napansin.” Napaisip pa siya sa babaeng nakaaway niya sa parking lot ng mall. Nakalimutan niyang ipa-inspect ang kotse niya sa talyer para patingnan kung may sira.

Naalala niya tuloy ang babaeng iyon na may pangalang Gwendolyn. *Hindi ba talaga niya napansin ang siksikan ng sasakyan? Daig pa yata niya ang bulag o duling. Huh! Tamang-tama. Ka-rhyme ng Gwendolyn ang duling. Gwendolyn.*

Duling. Napatawa pa siya nang marahan sa naisip.

“May nakakatawa ba?” untag ni Gary.

Umiling siya. Sumandal siya sa kanyang swivel chair. “Wala naman. May naalala lang ako. May babaeng dapat na tumawag sa ‘kin.”

Napatawa ang pinsan niya. “Ano? Nagde-date ka na ba? Wow! Di ko man lang alam.”

Kahit paano ay napangisi si EJ sa sinabi nito. Pero nawala rin iyon nang naalala niya ang hitsura ng babae. Hindi ito katangkaran. Kahit hindi malaki ang hinaharap nito ay maganda naman ang hubog na katawan nito kahit sa suot nitong simpleng t-shirt at jeans. Wala itong makeup. Natural lang ito. At kahit paano ay tumingkad ang maganda nitong mukha. May maganda itong mapupulang labi, magandang kurba ng mga kilay, magaganda at mapupungay na mata, medyo matangos na ilong at may heart-shaped na mukha. Tuwid naman ang buhok nitong naka-ponytail at bagay rito ang ilang hibla ng buhok na mukhang nakatakas sa pagkakatali.

Kumusta kaya 'yon? Nagpatingin kaya siya sa ospital? naitanong niya sa sarili. Kinapa niya ang suot na jacket, hinahanap ang resibong sinulatan ng babae. Baka kailangan niyang itanong dito kung magbabayad na siya sa medical bills nito.

Pero iba ang suot niyang jacket ngayon. Naalala niyang nagpalit pala siya. Sana ay hindi nilabhan ni Yaya Nora at baka mawala ang numero ng babae.

“O, hindi ka na kumibo diyan,” untag ulit ng pinsan niya.

“Ah... wala. Wala akong date. Ikaw talaga. Iyan na lang ang palagi mong iniisip. Bakit di mo kaya i-date ang may-ari ng ini-recommend mong *Ketchup and Sauce, Inc.*?”

Tumawa lang ito na napakamot ng batok.



Napaungol si Gwendolyn nang magising kinabukasan. Bumangon siya at humikab habang kinakamot ang batok. Bigla niyang naalalang nabangga pala siya ng “Idiot” na iyon kahapon. Inikut-ikot pa niya ang leeg. Mukhang okay lang naman siya.

Tiningnan niya ang cell phone. Walang tawag. Walang missed call na na-receive sa magdamag na naka-mute na aparato.

“Hus! Ang OA na ’yon, hindi naman tumawag para pagbayarin ako,” nakaismid na wika niya. “Mabuti naman!”

Agad siyang naligo at bumaba para batiin ang ina niyang may kaarawan. Mamayang gabi

ay may maliit silang handaan para rito. Sorpresa iyon.

Nagtungo siya sa likod para tingnan ang workshop nila kung saan sila gumagawa ng ketchup at sauce na ipinagbibili sa kanilang mga suki. Sa likod niyon ay may malaki silang hardin ng mga gulay at kamatis. Inaalagaan ang mga ito ng kanyang ina. Noong hindi pa sila gumagawa ng ketchup at sauce ay sa palengke ibinebenta ng kanyang mga magulang ang mga iyon.

Si Kuya Greg niya ang tumutulong noon habang nag-aaral sa kolehiyo at ngayon naman ay kumukuha ng Abogasya. Kaya hanggang ngayon ay hindi pa ito nakapagtrabaho at nakadepende lang sa kanila. Si Ate Grace naman niya ay nasa call center bilang agent pagkatapos nitong mag-aral ng Secretarial course. At siya, dahil sa napilitang magretiro ang ama niya ay hindi na kayang matustusan ang kanyang pag-aaral bilang Chemistry student.

Hindi siya nakapagtapos. Mula noon ay naging saleslady si Gwendolyn sa isang maliit na tindahan. Pero dahil sa nalalanta ang ibang kamatis na hindi naibenta ay naisip niyang gumawa ng ketchup at sauce. At doon nagsimula ang lahat noong isang taon.

Dahil nagsisimula pa lang sila ay unti-unti silang bumabawi ng kanilang capital na mula sa pension ng tatay niya at suweldo ni Ate Grace. Nag-loan sila sa isang cooperative bank na hanggang ngayon ay binabayaran nila. Pero mababayaran din iyon lahat sa susunod na buwan. At pagkatapos niyon ay utang silang muli para sa cataract surgery sa dalawang mata ng kanyang ina. Hindi man sabay na ooperahan ang mga mata ng ginang, pero malaking gastos pa rin iyon maski mayroong *PhilHealth*, idagdag pa ang mga gamot pagkatapos ng operasyon.

Niyakap at hinalikan pa niya ang inang naglagay ng pagkain sa mesa para sa kanilang mag-anak. Binati niya ito. Sabay-sabay na silang kumain bago sila iniwan ni Ate Grace para pumanhik sa itaas at matulog. Graveyard shift kasi ito. Si Kuya Greg naman ay naglinis sa workshop nila upang makapagsimula sila mamaya para sa dagdag na stocks. Tutulungan nila ito ng tatay niya. At sa hapon ay maghahanda ang kuya niya para sa evening classes nito ng Law.

“Hindi ka ba babalik sa pag-aaral pag naka-graduate na ang Kuya Greg mo?” tanong ng ama niya habang inaayos ang mga plastic na boteng nilalagyan ng kanilang produkto. Napasulyap

ito sa kanya na siyang nagbibilang naman at nagre-record.

“May bar exams pa si Kuya, ”Tay. Gastos din ’yon.” Nagpatuloy na siya sa ginagawa.

Tumunog ang kanyang cell phone. Si Gary ang tumatawag. Naging kaibigan ito ni Kuya Greg dahil natulungan ito minsan ng kapatid niya. Nasiraan ito ng kotse malapit sa kanila. At dahil sa marami ring loko-loko sa lugar nila ay nailigtas ito ng ilang tambay. Simula noon ay tinanaw na ito na utang na loob ni Gary sa kuya niya.

Binisita ng lalaki ang bahay nila. At noon sila nagkakilala. Last year lang ito nangyari. Pero naging malapit na rin sila kahit paano dahil parati itong bumibisita sa kanila. At inirekomenda nga ang produkto nila sa kakilala raw nitong may itatayong negosyo na isang fast food chain. Kaya naman binigyan niya ito ng samples ng sauce at ketchup para mai-test ng may-ari.

“Kapag nakapasa na ako sa bar, babalik ka sa pag-aaral para makapagtapos,” anang kapatid niya nang marinig ang usapan nila ng kanilang ama.

“Baka... hindi na rin ako babalik sa pag-aaral, Kuya. May negosyo naman na tayong inaatupag ko rin.” Ngumiti siya.

Nagkatinginan ang kuya at ang tatay niya. Saka naman niya sinagot ang cell phone na nagri-ring.

“Hey. Medyo may... problema tayo.”

Napakunot-noo siya sa narinig mula kay Gary. “Ano?”

“Mag-i-inspection daw sa lugar n’yo ’yong sinabi ko sa ’yong may-ari ng fast food chain.”

Napamaang siya. “H-ha? Teka lang, bakit niya gagawin ’yon? Di ba’t samples lang ang kailangan?”

“He’s sort of a by-the-book person. Sorry, Gwen. Kailangang pagbigyan mo siya para makuha ang kontrata bilang supplier niya.”

Napabuntong-hininga siya sa narinig. Napatingin siya sa paligid ng di-kalakihang workshop nila. Sa dulo niyon ay nakalagay ang mga stocks sa shelves. The place itself wasn’t impressive at all kahit na masinop iyon. At kahit may papeles na sila mula sa *FDA* at *City Health Office* na may recommendations para i-improve ang kanilang work area ay hindi pa nila nagagawa iyon dahil sa tight budget. At ngayon, baka iba pa ang magiging impresyon ng kliyenteng ito.

Napakagat-labi siya. “K-kailan daw siya mag-i-inspect?”

“Iyon nga, eh. Hindi pa sinabi. Next week pa naman na ang opening ng fast food resto. Baka within this week na niya gagawin,” ani Gary.

Patay! naisip pa niya.

“So, ano’ng maitutulong ko?” untag nito.

“Uhm... hindi ko pa alam, eh. Sasabihin ko muna kina Tatay at baka masosolusyunan din.”

“Sige, tawagan mo lang ako kung kailangan mo ng tulong.”

Napangiti si Gwendolyn kahit paano at nagpaalam na ito. Napatingin siya sa kapatid at ama. Natigil ang mga ito sa ginagawa nang dahil sa tawag na iyon. Ikinuwento niya ang sinabi ni Gary sa kanya.

“Kailangan natin ng siguro kahit dalawang refs dito para makita niyang doon natin inilagay ang mga nagawa na nating products. ’Tapos ang shelves, aalisin muna natin para hindi masyadong makalat tingnan. At ang mga kasangkapan ay kahit palagi na nating nililinis, mas pag-igihan pa nating linisan,” suhestyon ni Kuya Greg.

“Hihiramin natin ang ref ni Aling Maxima sa araw na ’yon. Dadagdagan ko ng outlet diyan sa may sulok,” ani Mang Ipe.

“Baka titingnan niya ang mga stocks?” aniya pa.

“Iyong mga inilagay natin sa refrigerator ang stocks na ipapakita sa kanya,” tugon ng kapatid niya.

Napasapo siya ng noo. “Sige. Anyway, hindi naman talaga marami ang stocks natin dahil hindi pa tayo nag-e-endorse sa malalaking tindahan.”

Napatingin siya sa shelves. Kailangan na nilang lagyan ng divider ang workshop para mai-separate ang shelves at doon na makapokus ang air-con. At hindi pa nila magagawa iyon dahil wala siyang budget para sa mga materyales. Iyon ang susunod niyang project sana pagkatapos ng operasyon ng ina.



“I’m free tomorrow kaya sabihin mo sa kakilala mo o girlfriend mo na magto-tour ako sa pabrika nila, okay?” ani EJ sa pinsan nang tinawagan niya ito sa cell phone. “Gusto kong makita kung paano nila ginagawa ang products nila.”

“A-ah, gan’on ba? Sige, anong oras ba bukas?”

“Siguro mga after lunch na. Dederecho na ako doon. Ibigay mo nga pala sa ’kin ’yong address.”

“H-ha? Ah... eh... samahan na kita bukas. Hindi ka naman kasi niya kilala, di ba? Ako ang

middleman kaya dapat lang na nandoon ako.”

Napatawa pa siya nang marahan dito. “Hmm... ayaw mong iwan nang mag-isa ang girlfriend mo sa 'kin?”

“Tigilan mo na nga ako sa panunukso mo. Basta sasamahan kita bukas.”

“Fine. Sabay na tayong mag-lunch bukas. Treat ko. At pagkatapos ay dederecho na tayo doon.”

Nailing pa si EJ nang matapos ang tawag na iyon sa pinsan niya. Kami-meet lang niya sa isang supplier at sinabihan niyang pag-iisipan niya muna ang kontrata. Ikukumpara niya muna ang presyo bukas kapag nakausap niya ang kakilala ni Gary. Nagtrabaho pa siya pagkatapos niyon hanggang sa makauwi na siya. Sinalubong siya ng kasama niya sa bahay.

“EJ, heto nga pala. Muntik ko nang malabhan,” ani Yaya Nora sa kanya, sabay abot ng papel.

Tiningnan niya ito. Ang numero ni Gwendolyn. Pinasalamatan niya ang kausap.

“Kakain na ba tayo, Yaya?” aniya ritong nakangiti.

“Oo. Magbihis ka na lang at sabay na tayo.”
Tumango siya.

Naging normal ang gabi niya. Kuwentuhan

sila nang kaunti ni Yaya Nora katulad ng dati. Ipinagpapasalamat niyang ito ang naging yaya niya at tumayong parang pangalawang ina pagkamatay ng mommy niya noong nasa elementary pa lang siya.

Kinabukasan pagkatapos ng lunch niya kasama si Gary ay sumunod siya sa kotseng minamaneho nito. Napakunot-noo siya nang isang residential area ang pinasok nila sa isang barangay ng Quezon City. Huminto iyon sa harap ng isang navy blue gate.

Sinalubong sila ng isang may-edad na babae at pinapasok. Napatingin naman siya sa paligid. Iginiya sila ng ginang sa gilid ng tahanan nito pagkatapos ay pumasok sila sa likod-bahay. Doon ay may malinis at maayos na workshop. At may nakatalikod na isang babae na may kasamang dalawang lalaki roon.

“EJ, meet the owner, si Gwen. Gwen, si EJ,” pakilala ng pinsan sa kanila. At namangha pa siya nang lumingon ang babae nang parang slow motion.

Chapter Three



Napamura ang binata sa kanyang isipan. “Ikaw?” aniya kasabay ng pagbulalas din ng dalaga. Nanlaki pa ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

Nalilitong nakatingin sa kanila ang apat pang naroroon. Napatingin siyang muli sa paligid. Malinis ang tiled floor, malinis din ang mga kasangkapang naroroon. Napaka-basic ng mga iyon at maliit. Hindi katulad ng inasahan niya sa pabrika.

At dahil nakabuga ang air-con ay nanunuot sa ilong niya ang amoy ng tila kagagawa lang na sauce. Sa isang dulo ng workshop ay may dalawang malalaking refrigerators. Sa tingin niya

ay iyon ang storage ng mga produktong gawa.

“So, ikaw pala ang may-ari dito?” baling pa niya kay Gwendolyn.

Pumormal naman ang hitsura ng babae. Nakasuot pa rin ito ng jeans at t-shirt, pero nakalugay ngayon ang buhok nito.

“Family business, actually,” pagtatama nito.

“So... paano kayo nagkakilala nitong pinsan ko?” usisa niya na tila hindi alintana ang iba pang naroroon, na para bang sila lang ang magkakarap ngayon.

“It’s a long story,” sabat ng pinsan niya.

Sinulyapan lang ito ni EJ. Napatingin siya ulit sa babae at saka sa dalawang lalaki.

“How long have you been operating your business?” tanong niyang napatingin ulit sa paligid. Sa isang dingding ay nakalagay ang nakakuwadrang certificates ng *FDA* at *City Health Office*. Lumapit siya roon para tingnang maigi ang mga iyon.

“Over a year,” tugon ng babae na sumunod sa kanya. “Hindi peke ang mga ’yan. Kahit ipa-check mo pa sa office nila,” dagdag nito.

He snorted. “You bet, I will.”

Bahagya pa siyang inirapan nito.

“Paano kayo nagkakilala?” singit ni Gary.

“Long story,” matabang namang tugon niya. Saka ngumisi pa siya sa sarili nang napatinging muli sa mga certificates.

“Uhm... so, ano’ng gusto mong makita dito?” pormal na tanong ni Gwendolyn.

“There’s not much to see, is there?”

Tumikhim ito. “Wala ngang masyado. Start-up pa lang kasi kami.” Saka nag-explain lang ito kung paano ginawa ang sauce at ketchup. Ipinakilala nito ang dalawang lalaki roon bilang ang kapatid at ang ama nito. Pagkatapos ay ipinakita nito ang stocks sa dalawang refrigerators.

“So, with this personnel and this basic equipment, sa tingin mo ba ay kakayanin mo ang pagsu-supply sa amin on a daily basis kung kailangan? At magkano ba ang presyo kapag iba ang packaging na gusto ko? Alam mo na. Kapag for to-go orders, kailangan ng maliit na packaging ’yon katulad ng sa *Jollibee* at *McDonald’s*, di ba?”

Nakita niyang napalunok ang dalaga. Napatingin muna ito sa kapatid at ama. “We can talk about that more in detail. Nakapaghanda na ako ng portfolio kung gusto mong tingnan.”

Napangiti si EJ sa kausap. Siguro ay ito ang resulta ng pagsabi niya sa pinsan. Siguro ay binigyan nito ng tips ang babae kung ano ang

gagawin. Well, he admitted there was no harm in it. At least, handa ito sa anumang gusto niya.

“Para sa ’yo, hijo,” sabat ng may-edad na babaeng sumalubong sa kanila kanina. Ito pala ang ina ni Gwendolyn. May dala itong tray na ipinatong sa isang mesa. Nandoon ang isang pitcher ng fresh pineapple juice at ilang platito ng sliced cake.

“Salamat po. Hindi na sana kayo nag-abala pa,” nasabi na lang niya.

“Hindi naman masyado. Iyang cake nga pala ay dahil sa nag-celebrate kami ng birthday ko kagabi,” wika nito.

“Ah! Belated happy birthday po.”

Tumango naman si Aling Nona.

“Ah, nakalimutan ko nga pala. Nasa kotse pala ang regalo ko para sa inyo, Tita,” anang pinsan niya at nagmadali itong lumabas.

Kumuha ng isang baso si EJ at sinalinan iyon ng ina ng dalaga. Ininom niya iyon pagkatapos magpasalamat dito. At nag-usap sila ni Gwendolyn tungkol sa presyo matapos nitong iabot sa kanya ang isang folder. Kumain na rin siya ng cake.

Naalala niya tuloy ang kanyang yumaong ina. Hindi niya matandaan kung kailan siya huling

kumain ng cake. Mahilig din kasi ito sa cake. Kaya kahit kaninong birthday, kahit sa kanya ay hindi siya kumakain niyon dahil nalulungkot siya. Pero ngayon, napilitan siya nang dahil sa ayaw niyang insultuhin ang ginang na mukhang mabait at maalalahanin.

“So, ayos lang ba sa ’yo ang presyo?” untag ni Gwendolyn sa kanya.

Napakurap-kurap si EJ. Pinilit niyang huwag mapaiyak dahil sa naalalang ina. Suminghot pa siya at napaiwas ng tingin.

“Ah... pag-iisipan ko pa. I’ll just get back to you kapag nakapag-decide na ako,” sabi niya. Mabilis na siyang nagpaalam. Saka naman nakabalik si Gary at nagtaka ito nang maglakad na siya palabas.

“Teka lang.” Sumunod sa kanya ang dalaga sa gate. Humarang ito sa daanan niya habang bitbit ang folder. Hinintay niya itong magsalita. “A-alam kong nag-expect ka nang higit pa kaysa sa nakita mo ngayon.”

“Right. I was surprised... if not really disappointed.”

Napababa ng tingin ang babae. Napatingin lang siya rito.

“Walang kasalanan si Gary. Gusto niya lang

tumulong sa 'kin, sa 'min ng pamilya ko. Alam niya ang sitwasyon namin.”

“Look, we’re not going to do business here based on personal feelings... or matter. It’s purely business. Dapat mong maintindihan 'yon. Sa ngayon, malaking desisyon ang gagawin ko kung ibibigay ko sa 'yo ang kontrata bilang supplier ko o hindi. Hindi ko kilala ang brand mo. Kahit inirekomenda ka ng pinsan ko, I have to be objective here.”

“Naiintindihan ko. Pero sana naman kung magdedesisyon ka ay titingnan mo rin ang quality ng produkto namin. Suportado iyon ng *FDA* at *City Health Office*. Kahit na ganoon lang ang hitsura ng work area namin, nakapasa naman 'yon sa standards.

“At ang gusto ko lang ay bibigyan mo kami ng pagkakataon na makilala sa pamamagitan ng negosyo mo. Malaking tulong 'yon sa 'min. At... tatanawin ko 'tong utang na loob sa 'yo habang-buhay.”

EJ wanted to laugh at her face. Pero hindi niya ginawa. Pareho sila ng sitwasyon ng babae. Magsisimula pa lang siya. At ito ay kasisimula lang. Siguro ay kailangan niya rin ng tulong. Pero hindi niya alam kung magagawa iyon ng dalaga.

Isa itong sugal. Napakalaking sugal.

“I’ll get back to you if or when I’m ready,” nasabi na lang niya at nilampasan na ang dalaga pagkakuha sa folder nitong hawak. Napatigil pa siya sa paglalakad, pero hindi siya pumihit. “Hindi ka ba nagpunta sa ospital para magpa-checkup?”

“Ayos lang ako at ang sasakyan ko,” mahinang tugon nito.

Humakbang siya ulit pero napatigil na muli. “Pakisabi nga pala sa nanay mo na salamat.” Saka lumulan na siya sa kanyang kotse.



Napahigit ng hangin si Gwendolyn habang sinusundan ng tingin ang lalaking nagmaneho palayo sa kanilang bahay. Hindi niya akalaing tatanungin siya nito tungkol sa pagpapatingin niya sana sa ospital. Katulad nang makita niya itong muli kanina ay lumukso ang puso niya dahil sa tanong na iyon. Hindi niya inasahan iyon. At hindi niya mawari kung bakit iyon na lang ang nadarama niya.

Lumapit sa kanya sina Gary at Greg, pati na ang mga magulang niya.

“O, ano daw ang sabi?” usisa ni Gary.

“Pag-iisipan pa daw niya,” malungkot na

tugon niya. Naisip niyang baka hindi na sila kukunin ng lalaki bilang supplier pagkatapos nitong makita ang lugar ng ‘pabriká’ nila.

Hinawakan ng ina ni Gwendolyn ang kanyang balikat. Napalingon siya rito at nakita itong may bitbit na paper bag. Ang regalo mula kay Gary na hindi nakadalo sa salo-salo nilang mag-anak kagabi kahit inimitahan ito. May appointment daw kasi ito.

“Hindi ko siya titigilan,” nakangiting sabi ni Gary sa kanya.

“Salamat sa tulong mo, Gary. Hindi mo kaagad sinabing pinsan mo pala siya.”

Napangisi ito. “Baka iba kasi ang isipin mo. Pero kita mo naman, business-minded ang isang ’yon.”

Tumango siya at nakuha ang ibig nitong sabihin. “Nagpasalamat nga pala siya sa ’yo, ’Nay. Siguro sa cake at juice.”

Kumunot ang noo ni Gary sa narinig. “Kumain siya ng cake?” tanong nito.

“Oo. Inubos ang isang platitong cake. Bakit? Diabetic ba siya?” curious na sagot niya. “Pero nagpasalamat siya kay Nanay.”

Napangiti nang matipid si Gary sa kanya. “Hindi. Hindi lang kasi siya mahilig kumain ng

cake.”

“Ah...” aniyang napatangu-tango.

“Naaalala niya kasi ang yumaong mommy niya kapag nakakakita ng cake,” paliwanag pa ni Gary.

Napamaang siya. “Eh, bakit siya kumain sa bigay ni Nanay?”

Kumibit-balikat lang ito.



Hindi niya akalaing kakain siya ng cake ngayon. At higit sa lahat ay ang *Cookie Monster* pang paborito ng kanyang ina noon. Iyon ang huling kinain ng mommy niya bago ito namatay. Sa mismong birthday pa nito. At hinding-hindi niya makakalimutan iyon.

Inatake lang ito bigla dahil may congenital heart disease na ito nang isinilang. Nalaman na lang niya ito kalaunan mula sa kanyang Yaya Nora.

Akala noon ni EJ ay dahil iyon sa cake kung bakit biglang namatay ang mommy niya. Kaya hindi na siya kumakain niyon. At kahit nang maintindihan na niya kung ano ang dahilan ng pagkamatay ng ina ay hindi pa rin siya kumakain ng cake.

Hanggang sa araw na ito. At hindi niya maintindihan kung bakit.

Kahit nalulungkot pa rin siya dahil iyon ang nagpaalala sa kanya sa nasirang ina, kahit paano ay tila may nagtulak sa kanya na kainin iyon. At iyon ang isiping dahil kaarawan ng ina ni Gwendolyn. Hindi niya mawari kung bakit may epekto iyon sa kanya.

Napabuntong-hininga pa siya. Ano ba ang gagawin niya kay Gwendolyn?

Nang dumating siya sa opisina ay tiningnan niyang muli ang portfolio na gawa ng dalaga versus sa offer ng unang kausap niyang supplier na kilalang brand. Magkatabing nakapatong ang dalawang folders sa ibabaw ng kanyang mesa at salitan niyang pinag-aralan ang mga iyon.

Niluwagan niya ang kurbata. Kinalkula niya sa isipan ang perang maiipon kung makikipag-deal siya sa isang startup business. Paano kung iyon ang napagdesisyunan niya at mali pala? Paano kung hindi magugustuhan ng mga customer? May ilan pa siyang katanungan. Pero ang uunahin niya muna ay ang pag-check kung totoo nga ba ang certificates na nandoon sa work area ni Gwendolyn.

Kinausap niya sa intercom ang sekretarya upang utusan ito sa pag-check ng pangalan at validity ng *Ketchup and Sauce, Inc.* Napaupo pa

siya sa kanyang swivel chair upang ipahinga ang ulo.

Lumitaw sa isipan niya ang mukha ni Gwendolyn. Ang ekspresyon ng mukha nito nang kinausap siya bago niya nilisan ang lugar nito. Napabuntong-hininga siya.



See me at my office. 10 AM sharp.

Paulit-ulit itong binasa ng dalagang kagigising lang sa umagang iyon. Number lang ang nag-appear sa phone niya. Napasimangot pa siya pagkatapos ay napadilat siya ng mga mata nang may maisip.

Mabilis siyang bumaba ng kanyang kama at hinanap ang calling card ni Elliot.

“Nasaan na ba ’yon?” kausap pa niya sa sarili.

Binuksan niya ang drawer ng dresser at nakita roon ang kanyang appointment notebook. Nakita niyang nakaipit doon ang tarheta ng lalaki. Tiningnan niya kung iyon nga ang numero nito. At unti-unting lumitaw ang ngiti sa kanyang mga labi.

Mabilis siyang nagtungo sa banyo at excited na sumabay ng agahan sa kanyang mga kapatid at mga magulang. Napuna ng mga ito ang kakaiba niyang awra.

“O, napakaganda yata ng gising mo ngayon,” ani Ate Grace na umiinom ng tsokolate.

“May prospect na kliyente. Imi-meet ko mamaya. Wala pa tayong delivery sa araw na ’to, di ba?” aniya kina Mang Ipe at Kuya Greg.

“Walang naka-schedule,” tugon ng kapatid na lalaki. Napasulyap ito sa kalendaryong nasa dingding. Kapag may nakamarka doong ekis ay may delivery sila.

Natutuwa ang kapamilya ni Gwendolyn dahil dito. Pero hindi pa niya sinabi kung sino. Ayaw niyang masamang balita ang dadalhin pag-uwi. Kung sakali man.

Nagbihis na siya saka ginamit ang mini-van para magtungo sa address na sinabi sa text. Nilapitan niya ang sekretaryang nasa labas ng opisina ng lalaki at pinapasok na siya roon.

Nagkatitigan pa sila ni Elliot nang lumabas ang maganda nitong sekretarya. Ilang saglit din iyon at ang lakas ng kabog ng dibdib niya nang hindi niya maintindihan.

“Sit down,” nagmuwestra pang sabi ng lalaking nakaupo sa swivel chair nito. He looked so gorgeous behind that desk.

Tumalima naman siya saka hinintay ang sasabihin nito.

“I’ve decided to give your company a chance. It’s an open contract, though. I can terminate it whenever I want. No questions asked. Tatanggapin mo pa ba ang alok ko?”